

SOCIAL MEDIA: DAAN O BALAKID SA PAGPAPALAWAK NG BOKABULARYO

ANALYN D. SAAVEDRA, Ph.D ; APAO, MARIANE AIZEL M. ;
LAYAM, HARLYN MAY V.

ABSTRAK: Ang wika ay nagsisilbing instrumento sa pagkakaroon ng mas epektibong komunikasyon at daan sa mabuti at maayos na pakikipag-ugnayan at pakikipagtalastasan. Isa sa mga makabuluhang katangian ng wika ay ang pagiging dinamiko nito, hindi ito maaaring tumanggi sa pagbabago. Kasabay ng pag-unlad ng teknolohiya ay ang pagbabago rin sa bokabularyo ng ating wika. Sa makabagong panahon, ang *social media* ay naging mahalagang bahagi ng pang-araw-araw na buhay ng maraming tao, Nagbibigay-daan ang mga ito upang makipag-ugnayan ang bawat indibidwal saang dako man ng mundo sila naroroon. Sa paglaganap ng mga *social media applications* hindi maitatangi na ito ay nagdulot ng epekto sa pagbabago ng ating wika. Isang halimbawa ay ang paggamit ng mga akronim o mga letra na sumisimbolo sa isang salita upang mas madaling maunawaan. Maging ang mga balbal na salita ay mas lumaganap dahil karaniwan itong ginagamit ng mga kabataan. Sa usapin ng makabagong teknolohiya nangunguna ang mga kabataan sa pagiging *updated* at higit na may kaalaman sa paggamit ng social media, ano man ang kanilang layunin sa paggamit nito, maaaring panlibangan, paghahanap ng mapagkakakitaan, makatulong sa kanilang pag-aaral at marami pang iba. Ang layunin ng pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin kung paano at hanggang saan nakaaapekto ang social media sa pagyabong ng bokabularyo ng mga mag-aaral, pati na rin ang mga positibo at negatibong implikasyon nito. Ang mga mananaliksik ay gumamit ng *Quantitative Research* at ginamitan ng sarbey-tseklist na kung saan ang mga respondente ay pumili na naaayon sa kanilang hilig. Gumamit rin ng deskriptibong pananaliksik ng mga datos ang mga mananaliksik sa pag-aaral na ito upang malaman kung ano-ano ang mga bokabularyong natutuhan ng mga kalahok sa paggamit Social Media. Ang bilang ng respondente ay apatnapung (40) mga kalahok mula sa paaralan sa lungsod ng Zamboanga. Ang lumabas na resulta ayon sa 40 na kalahok ay karamihan sa mga kabataan ngayon ay gumagamit ng balbal na salita lalo na sa *online world* at napapanahon pa rin ang paggamit ng mga salitang pinaikli, binaliktad at mga ekspresyon bilang pagpapahayag ng nararamdaman. Makikita rin sa pag-aaral na ito na malaki ang epekto sa mga kabataan ng Social Media platporm sa pagpapalawak ng bokabularyo at sa kanilang pang-araw-araw na buhay lalo na sa pagbabahagi ng kanilang karanasan at pakikipag-ugnayan sa iba. Gayunpaman, pinakita rin sa resulta na kailangan ring bigyang pansin ang kamalian sa gramatika na nangangahulugang dapat pa rin isaalang-alang ng mga kabataan ang maayos na pagpapahayag.

I. INTRODUKSYON

Ang wika ay nagsisilbing instrumento sa pagkakaroon ng mas epektibong komunikasyon at daan sa mabuti at maayos na pakikipag-ugnayan at pakikipagtalastasan. Isa sa mga makabuluhang katangian ng wika ay ang pagiging dinamiko nito, hindi ito maaaring tumanggi sa pagbabago. Kasabay ng pag-unlad ng teknolohiya ay ang pagbabago rin sa bokabularyo ng ating wika.

Ayon kay Kamil et al. (2008), ang pagbuo ng bokabularyo ay isang proseso ng pagtanggap ng mga bagong salita na gagamitin sa pang-araw-araw na buhay partikular ang batayan ng pag-aaral ng anumang wika. Ang pagbuo ng bokabularyo ay nakatutok sa pagtulong sa mga estudyante na matutuhan ang kahulugan ng mga bagong salita at konsepto sa iba't ibang konteksto at sa lahat ng akademikong pangnilalaman.

Sa makabagong panahon, ang *social media* ay naging mahalagang bahagi ng pang-araw-araw na buhay ng maraming tao, Nagbibigay-daan ang mga ito upang makipag-ugnayan ang bawat indibidwal saang dako man ng mundo sila naroroon. Sa paglaganap ng mga *social media applications* hindi maitatangi na ito ay nagdulot ng epekto sa pagbabago ng ating wika. Isang halimbawa ay ang paggamit ng mga akronim o mga letra na sumisimbolo sa isang salita upang mas madaling maunawaan. Maging ang mga balbal na salita ay mas lumaganap dahil karaniwan itong ginagamit ng mga kabataan. Sa usapin ng makabagong teknolohiya nangunguna ang mga kabataan sa pagiging *updated* at higit na may kaalaman sa paggamit ng social media, ano man ang kanilang layunin sa paggamit nito, maaaring panlibangan, paghahanap ng mapagkakakitaan, makatulong sa kanilang pag-aaral at marami pang iba.

Ayon sa pag-aaral nina Mapa at Marbella (2019), na may pamagat na “Impluwensiya ng Midya sa Pag-aaral ng Wika” natuklasan ang impluwensiya ng midya sa pag-aaral ng Wikang Filipino. Sa patuloy na pagbabago ng panahon, patuloy rin ang impluwensiya ng midya sa mga makabagong kaalaman na nakaaapekto sa wikang sinasalita at isinusulat. Kung ang wika ay buhay, ang midya ay buhay rin na patuloy na lumalago at walang humpay na nagbabago. Mahalagang malaman ang impluwensiya at epekto ng midya sa bawat henerasyon upang mapagtibay ang wikang ginagamit sa patuloy na pakikipagsapalaran sa araw-araw ng bawat indibidwal.

Pinatunayan rin ni Reyes (2018), sa kanyang akda na may pamagat na Makabagong teknolohiya sa Edukasyon na nailathala sa *depedbataan.com publication*. Ayon sa mga pagsusuri at obserbasyon, marami sa kabataan ngayon ang may mabababang marka. Maraming mga kadahilanan ngunit ang nangingibabaw ay ang usaping teknolohiya, kung saan nahuhumaling ang karamihan sa kabataan. Dahil sa nagaganap na modernisasyon sa ating mundo, animo’y naging bulag ang mga mag-aaral sa maaaring dulot o epekto nito sa kanilang pag-aaral at pati na rin sa kanilang pag-uugali at kasanayan.

Ang pananaliksik na ito ay isinasagawa sa kadahilangang nais malaman ng mga mananaliksik kung ang “**SOCIAL MEDIA: DAAN O BALAKID SA PAGPAPALAWAK NG BOKABOLARYO**”. Karamihan sa mga kabataan ngayon ay maagang namulat sa mga makabagong teknolohiya at sa social media, kaya naman hindi maitatanggi na marami na rin silang nalalaman na iba't ibang salitang balbal.

II. LAYUNIN

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin kung paano at hanggang saan nakaaapekto ang social media sa pagyabong ng bokabularyo ng mga mag-aaral, pati na rin ang mga positibo at negatibong implikasyon nito. Layunin rin ng pag-aaral na ito na sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang mga bokabularyong natutuhan dahil sa social media?
2. Paano nakatutulong ang social media sa pagpapalawak ng bokabularyo?

III. KAUGNAY NA LITERATURA

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga artikulo at pag-aaral upang magsilbing gabay, suporta, at sanligan na may kaugnayan sa nasabing pag-aaral. Ito ay nagpapatungkol sa pananaliksik na may kinalaman sa Social Media: Daan o balakid sa pagpapalawak ng bokabularyo.

Bokabularyong Filipino

Ang salitang bokabularyo ay tinatawag nating talasalitaan (tala o listahan ng mga salita). Ito ay binubuo ng mga salita, parirala, at mga konsepto na ginagamit sa isang partikular na wika, larangan, o kultura. Dahil mayaman ang wika, at hindi lamang iisa ang ginagamit na uri nito, nagawang lumikha ng tao ng lipon ng mga salita na nakagrupo batay sa paraan ng paglikha. Kahit ang pagbubuo ng salita ay isang mahalagang salik na makakatulong sa pagpapayaman ng bokabularyo. Mula sa mga simpleng salita maaaring mapaunlad ng mag-aaral ang kanyang pananalita. Ang bokabularyo ay bunga ng maraming iba't ibang bagay.

Ayon kay Liwanag (2005) ang pagkakaroon ng malawak na talasalitaan ay makatutulong sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao at pagtatamo ng malawak na kaalaman. Ang mga pagbabago sa lipunan o sa kapaligiran ay humuhubog sa pananaw ng mga tao na naghahatid ng mga bagong karanasan at nagbubunga ito ng mga bagong salita. Mahalagaang magkaroon ng malawak na kaalaman pagdating sa talasalitaan upang mabigyan ng maayos na interpretasyon ang mga naririnig o nababasa.

Ayon kay Espinosa (2019), ang wikang Filipino ay lumalawak sa paglipas ng panahon. Sinasabing patay ang wika kung walang pagbabago itong tinatanggap. Marami ng nangyaring pagbabago sa wikang ito dahil sa impluwensiya ng neolohismo mula sa mga salitang nabuo ng iba't ibang henerasyon. Mula sa mga wikang Kastila, Ingles at iba pang wika na nagmula sa banyaga, ito ay naging bahagi na ng ating pakikipagtalastasan at hanggang sa ngayong panahon ng *Generation Z*, mas maraming salita ang nadagdag sa bokabularyong Filipino.

Hindi maitatanggi na ang wikang Filipino ay patuloy na umuunlad at nagbabago. Gumagamit din tayo ng iba't ibang paraan upang mapadali ang pagbigkas o paggamit ng ating wika, ilang halimbawa ng pagpapalawak ng bokabularyo ay ang paggamit ng mga acronym o paggamit ng mga titik na kumakatawan sa isang salita o nagsisilbing pamalit sa isang salita. ng iba't ibang pagpapalawak ng bokabularyo na ginagamit ng mga mag-aaral sa urban ay nakaaapekto rin sa kanilang pamumuhay gayundin sa panlipunan at pang-ekonomiya.

Epekto ng Social Media sa Bokabularyong Filipino

Epekto ng Social Media sa mga mag aaral ng Southwestern University
Phinma ay nagpapalawak dahil maraming mga mag-aaral sa henerasyon ngayon na akma sa kanilang mga gadget. Ang Social Media ay maaari ring maging isang malaking pag-aaksaya ng oras. Maraming mga mag-aaral ang natututo ng iba't ibang mga katangian dahil sa social media. Naimpluwensyahan din nito ang kaalaman ng isang tinedyer dahil ang social media ay lilitaw ng maraming mga ideya. Ang Social Media ay hindi isang masamang impluwensiya sa isang tao kung gagamitin nila ito sa wastong paraan at wastong mga institusyon.

Epekto ng Social Media sa mga mag aaral ng Southwestern University
Phinma ay nagpapalawak dahil maraming mga mag-aaral sa henerasyon ngayon na akma sa kanilang mga gadget. Ang Social Media ay maaari ring maging isang malaking pag-aaksaya ng oras. Maraming mga mag-aaral ang natututo ng iba't ibang mga katangian dahil sa social media. Naimpluwensyahan din nito ang kaalaman ng isang tinedyer dahil ang social media ay lilitaw ng maraming mga ideya. Ang Social Media ay hindi isang masamang impluwensya sa isang tao kung gagamitin nila ito sa wastong paraan at wastong mga institusyon.

Ang Social Media ay isang uri ng teknolohiya na nagbibigay ng paraan para sa mga tao na mag-*interact* at makipag-unayan sa isa't-isa sa *online* na pamamaraan. Ang social media ay binubuo ng mga sistema ng teknolohiya na nagbibigay sa mga tao ng paraan upang magbahagi ng mga impormasyon at makipag-ugnayan sa ibang mga tao. Kasama dito ang mga social networking sites, online communities, blogs at iba pang mga uri ng platform ng social media. (Ellison, 2019).

Hindi maitatangi na sa paglipas ng panahon ay naging bahagi na ng pang-araw-araw na pamumuhay ng tao ang teknolohiya lalong-lalo na sa mga kabataang Pilipino na nahuhumaling sa paggamit ng mga social media applications.

Ayon sa libro ni Dela Cruz (2018) na "Wikang Filipino at Makabagong Teknolohiya: Epekto ng Social Media sa Kasanayan sa Wika ng mga Kabataan," natuklasan na ang paggamitng *social media* ay may malaking impluwensya sa pagpapayaman ng bokabularyo ng mga kabataan. Ang mga mag-aaral na aktibong gumagamit ng social media platforms tulad ng Facebook at Twitter ay nagkakaroon ng mas malawak na kaalaman sa mga bagong salita at ekspresyon. Dagdag pa rito, ang exposure sa iba't ibang anyo ng teksto at impormasyon sa social media ay nag-aambag sa kanilang pagkatuto ng mga bagong bokabularyo.

Isa ang pag-aaral ni Stockwell (2019) na tumatalakay sa mga umuusbong na pagbabago sa wika lalo na sa Tagalog. Sinuri niya ang pagbabago sa pamamagitan ng Optimality Theory ng tadbali sa Tagalog. Ang tadbali ay maihahalintulad sa salitang balbal. Ang pamamaraan ng pagbabalikid ng mga salita ay nag-umpisa noong panahon ng 19th Century Philippine Revolution at maring nauuso muli sa kasalukuyan dahil sa *social media* (Nodalo, 2017). Higit pa rito, ang resulta ng pag-aaral na ito ay nagpapatunay sa pagtatalo ni Vasu at Senkamalam (2015), na sinasabing ang saloobin sa pagkatuto ng bokabularyo ng mga mag-aaral ay nauugnay sa lahat ng apat na kasanayan sa wika: pakikinig, pagbabasa, pagsusulat, at nagsasalita.

Sa pag-aaral na ginawa ni Perea (2019), dahil sa nagbabagong panahon, patuloy ang pag-unlad ng iba't ibang aspeto sa buhay ng tao, kasama na ang *social media* na nagsilbing libangan ng mga kabataan sa matagal na panahon. Nag-iba ang perspektibo ng mga kabataan sa produkto ng modernisasyon at teknolohiya. Naging iba rin ang pamamaraan ng pakikisalamuha na malayo sa kinagisnan ng ating mga magulang. Mas humaba ang oras na inilaan ng mga bata at kabataan sa kasalukuyang panahon sa paggamit ng social media tulad na lamang ng *Facebook, Twitter, Instagram, Youtube, Tiktok* at marami pang iba. Maging ang paglalaro ng mga *online games* na malayo sa naging buhay ng nakaraang mga henerasyon at mas pinipili ginugugol ang kanilang oras sa paggamit ng internet kaysa paglilibang. Malinaw na ang paggamit ng mga kabataan ng teknolohiya at *social media* ay nagdudulot ng mabilis na ebolusyon na may kasabay na implikasyon sa kanilang kagalingan.

Ipinaliwanag din sa pag-aaral na ginawa ni Harrison at Thomas (2009) na ang dahilan kung bakit maaaring maging malapit ang pag-unlad ng mga kasanayan sa wika na nauugnay sa social media ay dahil karamihan sa mga oras na ginugugol sa online ay nasa mga social networking sites at marami pa, higit sa 175 milyong pandaigdigang gumagamit. Ang Facebook, ang isa sa mga pinaka-karaniwang social media site na kumokonekta sa mga tao sa buong mundo at nag-aalok ng plataporma para sa pakikipag-ugnayan at pagbabahagi ng kultura, kaalaman at wika.

Walang dudang mayroong mga bagay sa social networks ang kapaki-pakinabang para sa pag-unlad ng mga mag-aaral. Kaya naman, masasabing may dalawang epekto ang social media sa pagkamit ng tagumpay ng mga mag-aaral, ang positibo at negatibong epekto, mahalaga lamang na maging responsable sa paggamit ng mga ito ang mga kabataan, ayon kay Talaue, et al.,(2022).

Mga Paraan sa Pagpapalawak ng Bokabularyo

Ang pagkatuto ng mga bagong salita upang mapalawak ang bokabularyo ng isang tao ay mahalaga, may mga pagkakataon na natututo tayo dahil sa ating mga naririnig at nababasa ngunit bilang isang inidividwal na nagpapahalaga sa kanyang wika mahalaga pa rin na tumuklas ng mga pamamaraan kung paano mapalalawak ang bokabularyo ng wikang ginagamit.

Ayon kay Brown (2021), mahalagang gawing kasanayan ang regular na pagbabasa. Ayon sa kanya, ang pinakamadaling pamamaraan sa pagpapalawak ng bokabularyo ay ang pagbabasa ng mga aklat, nobela, artikulo, o di kaya'y mga *blog post*. Ito ay dahil nabibigyan ng pagkakataon ang bumabasa na makatuklas ng mga bagong salita na ginagamit sa mga tunay na konteksto. Dagdag pa niya na mas kapakipakinabang ang ganitong pamamaraan sapagkat makikita rito kung paano ito ginagamit; mayroon pagkakataong alamin ang kahulugan ng mga ito sa pamamagitan ng mga pahiwatig na kontekstuwal. Ito ay nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa

kahulugan at paggamit ng mga salitang ito. Ayon pa rin kay Brown, ang paggamit ng disksyunaryo at thesaurus ay mahalagang hakbang sa pagpapalawak ng bokabularyo at pagpapahusay sa kakayahang magsalita at magsulat. Gamit ang disksyunaryo ay maaaring tuklasin ang buong kahulugan ng salita, maging ang ibang kahulugan nito depende sa konteksto. Maaari itong magbigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga konsepto at mgadetalaye na kaugnay ng salita.

Ayon kay Beck (2008) at Graves & Watts-Taffe (2008), kung direktang pagtuturo ng mga estratehiya sa bokabularyo at pag-aaral ng salita, o pagdaragdag ng dami ng pagbabasa ng mga mag-aaral, isang mahalagang prinsipyo na nakabatay sa pananaliksik na nalalapat sa kabuuan ng lupon ay itaguyod ang masidhing interes sa mga salita sa pamamagitan ng pagpapahayag ng estudyante at pakikilahok sa isang komunidad ng pag-aaral na tinatangkilang ang paglalaro ng mga salita, nagtataguyod din sa mga indibidwal na interes pati na rin sa mga pangangailangan ng kurikulum, at binibigyang-diin ang pagiging epektibo ng sarili sa pag-aaral ng salita.

Sa pag-aaral naman nina Cruz at Hernandez (2018) na pinamagatang "Social Media as a Tool for Vocabulary Enhancement: A Case Study of Grade 10 Students," natuklasan na ang paggamit ng social media ay nagdudulot ng pagtaas sa antas ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Ayon sa kanilang pag-aaral, ang mga mag-aaral na aktibong nakikilahok sa mga online discussions at gumagamit ng social media para sa pagbabasa ng mga artikulo at blog posts ay nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga bagong salita at ekspresyon.

Lumalabas lamang na maraming mga pamamaraan upang mapalawak ang bokabularyo ng isang tao, kinakailangan lamang na magkaroon ng interes upang maisakatuparan ito, maging ang pagiging mulat din sa katotohanan na tayo ay maging mapanuri sa mga salita na ating tatanggapin upang hindi natin makalimutan ang kagandahan ng ating sariling wika.

IV. METODOLOHIYA

Sa bahaging ito, ay tatalakayin ang magiging disenyo at ang pamamaraan ng pananaliksik upang maipakita at maipresenta nang maayos ang mga datos na kinakailangan sa pananaliksik na ito. Layunin ng pananaliksik na ito na makapagbigay ng angkop at wastong datos na makukuha sa mga respondente at sa paraang gagamitin upang maisagawa ang pananaliksik na ito.

Sa pag-aaral na ito, ang mga mananaliksik ay gumagamit ng *Quantitative Research*, upang mailahad kung ang Social media: Daan o balakid sa pagpapalawak ng bokabularyo. Ang mga mananaliksik ay gumagamit rin ng deskriptibong pananaliksik ng mga datos na naglalayong malaman kung ano-ano ang mga bokabularyong natutuhan ng mga kalahok dahil sa paggamit social media?

Upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito ang mga mananaliksik ay gumawa ng sarbey-tseklis na ipasasagot sa mga mag-aaral. Apatnapu (40) mag-aaral na mula sa isa sa mga paaralan sa lungsod ng Zamboanga ang magsisilbing kalahok sa pag-aaral na ito. Ang sarbey-tseklis ay kinapapalooban ng dalawang katanungan: Una, ano-ano ang mga bagong salitang natutuhan mo dahil sa social media? Magtala ng sampu (10). Pangalawa, Paano nakatutulong ang social media sa pagpapalawak ng bokabularyo? (pagsagot sa tseklis). Ipaliliwanag nang malinaw sa mga kalahok ang gawaing ito bago pasasagutan.

Gayundin, upang maprotektahan ang bawat kalahok at masiguro na ang mga datos ay mananatiling kumpidensyal, ang mga mananaliksik ay magpapapirma ng *Informed Consent* sa mga kalahok. Ang paglalagay ng pangalan ay opsyonal lamang ayon sa kanilang kagustuhan. Titiyakin ding hindi kailanman ipamamahagi sa ibang indibidwal o organisasyon ang anumang datos na nakalap ng walang pahintulot ng mga kalahok. Ang pagbubura ng lahat ng mga datos na nakalap ay tinitiyak na gagawin pagkatapos na masuri at mailathala ang naging resulta ng ginawang pag-aaral.

Bilang pagsasaalang-alang sa integridad at ang pagiging patas, tinitiyak na walang anumang personal na relasyon ang mga mananaliksik at mga kalahok. Wala ring anumang hakbang na isasagawa na makaapekto sa hindi patas na resulta ng pag-aaral tulad ng aspetong pinansyal at personal na interes.

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa teorya ni Bartlett (1932) na kanyang ipinakilala bilang *schema theory*. Ang mga tao ay may schemata na kumakatawan sa pangkalahatang kaalaman ng isang indibidwal tungkol sa mundo. Sa pamamagitan ng iskema, naiimpluwensyahan ng mga lumang kaalaman ang mga bagong kaalaman. Ito rin ay kumakatawan sa kaalaman tungkol sa mga konsepto: mga bagay at mga ugnayan na mayroon sila kasama ang iba pang mga bagay, sitwasyon, kaganapan, pagkakasunod-sunod ng mga kaganapan, aksyon, at pagkakasunod -sunod ng mga aksyon.

Ang teoryang ito ay hindi lamang nakakaapekto sa paraan ng interpretasyon ng impormasyon, kundi nakakaapekto sa pag-unawa, ngunit patuloy ring nagbabago kapag may bagong impormasyon na natatanggap. Ipinakikita nito na ang teorya ng iskema ay isang makabuluhang teorya sa paglago ng bokabularyo dahil kapag ang mga indibidwal ay may limitadong iskema, o dating kaalaman, ay nahihirapan silang matuto ng mga bagong salita (Jenkins & Dixon, 1993)

Instrumento ng Pananaliksik

Sa pag-aaral na ito, ang mga mananaliksik ay gumamit ng talatanungan o tinatawag na sarbey- tseklist bilang pangunahing instrumento sa pagkalap ng mga datos at impormasyon sa mga kalahok na piling mga mag-aaral sa Zamboanga Peninsula. Ang sarbey-tseklist ay naglalaman ng mga katanungan tungkol sa paksang pinag-aaralan.

Pangangalap ng Datos

Ang pananaliksik na ito ay magkakaroon ng apatnapung (40) kabuoang bilang ng mga kalahok mula sa paaralan sa lungsod ng Zamboanga. Magsisimula ang pag-aaral sa pagbibigay ng mga instrumentong naglalaman ng mga katanungan na magsisilbing pagtataya sa resulta. Matapos itong maisagawa ang mga mananaliksik ay magtataya ng mga resulta upang malaman kung ang Social Media: Daan o Balakid sa Pagpapalawak ng Bokabularyong Filipino.

Konsiderasyong Etikal

Ang mga Etikal na konsiderasyon ay mahalagang papel sa pag-aaral dahil ito ang nagsisilbing gabay ng mga mananaliksik upang ang karapatan ng mga kalahok ay maisaalang-alang. Kaya ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng konsiderasyong etikal, nakatuon dito ang mga ibinigay na konsiderasyon para sa mga mag-aaral na kalahok.

Una, ang mga mananaliksik ay nagbigay ng *Informed Consent* sa kalahok. Nakasulat ang mga detalye at konsiderasyon patungkol sa pag-aaral. Ang sulat na ito ay nagpapatunay na kusang-loob at sumang-ayon ang mga kalahok sa mga nakasaad sa sulat kabilang na doon ang pagtago sa kanilang aktuwal na pagkakakilanlan. Malinaw rin na binigyan ng karapatan ang mga kalahok na anumang oras ay maaari nilang bawiin ang kanilang paglahok sa nasabing pag-aaral na walang sama ng loob galing sa mga mananaliksik at hindi kailangan ng anumang pagpapaliwanag.

Pangalawa, ang lahat ng mga nakalap na datos o impormasyon galing sa mga kalahok ay mananatiling *confidential* upang mapangalagaan ang kanilang kaligtasan. Gagamit ang mga mananaliksik ng mga Code Names o bilang kung kinakailangan upang hindi malaman ang kanilang tunay na pagkakakilanlan. Magtatalaga rin ng eksaktong oras ang mga mananaliksik para sa pagbibigay ng tagubilin, pagsasagot sa *survey-checklist* at pagkuha ng litrato kung papayag ang mga kalahok.

Pangatlo, ang resulta at mga datos ng pananaliksik ay walang bias at pawang mga totoong impormasyon at sagot ng mga kalahok ang sinuring mabuti para makuha ang nararapat na resulta ng pag-aaral.

Panghuli, ang resulta ng pananaliksik ay ipapaalam sa mga naging kalahok pagkatapos ng buong pag-aaral. Ang mga kalahok din ay mayroon karapatan na ma-*access* ang mga resulta ng pag-aaral kung sakaling humiling sa mga mananaliksik.

V. RESULTA

Presentasyon at Interpretasyon ng Datos

Ang bahaging ito ay naglalahad ng mga nakalap na datos. Ang interpretasyon ng mga resulta mula sa isinagawang sarbey-tseklist sa papel na “Social media: Daan o balakid sa pagpapalawak ng bokabularyo”.

Ang mga sumusunod ay ang resulta na sumasagot sa bawat layunin ng pag-aaral:

1. Ano-ano ang mga bokabularyong natutuhan dahil sa social media?
2. Paano nakatutulong ang social media sa pagpapalawak ng bokabularyo?

Talahanayan Bilang 1. Ano-ano ang mga bokabularyong natutuhan dahil sa social media?

Bawat kalahok ay nagtala ng mga salitang natutuhan nila sa paggamit ng social media.

| Mga Salita | Bilang ng kalahok na nagtala ng ganitong salita | Percentage% |
|-------------|---|-------------|
| 1. bossing | 24 | 60% |
| 2. eme | 12 | 30% |
| 3. kimi | 11 | 27.50% |
| 4. rizz | 14 | 35% |
| 5. sana all | 17 | 42.5% |
| 6. sigma | 16 | 40% |
| 7. skibidi | 19 | 47.5% |
| 8. eabab | 20 | 50% |
| 9. ekalal | 20 | 50% |
| 10. eguls | 20 | 50% |

Ayon sa **talahanayan bilang1**. Lumabas na sa apatnapu (40) na kabuoang bilang ng mga kalahok, dalawampu't apat (24) sa kanila ang nagsabi na ang salitang “Bossing” ang nadagdag sa kanilang bokabularyo. Ang salitang “bossing” ay nagmula sa salitang “boss” isang tao na may mataas na posisyon at katungkulan, sa kontekstong balbal, ginagamit rin ang salitang ito bilang pagtukoy sa isang taong *cool* o maimpluwensya sa isang grupo at hindi kinakailangang may posisyon sa trabaho. Sa salitang “eme” naman, labindalawang (12) kalahok na

katumbas ng (30%) ang nagbanggit ng salitang ito. Ang kahulagan ng salitang “eme” ay tumutukoy sa isang bagay na huwad, hindi totoo o gawa-gawa lamang. Makikita rin sa talahanayan ang salitang “kimi” na isa ring salitang balbal na ang ibig sabihin ay mahiyain o *introvert* na personalidad ng isang tao, labing-isang (11)kalahok na katumbas ng (27.50%) ang nagbanggit ng salitang ito.

Ayon pa rin sa talahanayan, labing-apat (14) na kalahok katumbas ng (35%) ang nagbanggit din ng salitang “rizz” na isa ring *slang word* na ginagamit bilang pagtukoy sa isang tao na nagpapakita ng malakas na karisma o maayos na estilo ng pakikipag-usap o pakikisalamuha sa ibang tao. Ang salitang “sana all” ay nabanggit din ng labimpitong (17) kalahok na katumbas ng (42.5%) na karaniwan ay isang ekspresyon na nangangahulugan ng paghanga o pagnanais ng isang bagay o di naman kaya ay paghiling na maganap ang isang pangyayari. Nabanggit din ang salitang “sigma” na karaniwang ginagamit ng mga kabataan, katunayan labing-anim (16) na kalahok, katumbas ng (40%) ang nagbanggit nito, sa modernong slang ito ay tumutukoy sa isang taong *cool* at mesteryoso, karaniwang ginagamit bilang papuri sa mga taong may ganitong personalidad. Makikita rin sa talahanayan ang salitang “skibidi” na kung saan ay labing-siyam (19) na kalahok katumbas ng (47.5%) ang nagbanggit ng salitang ito. Ang salitang ito ay naging popular dahil sa kantang “Skibidi” ng Russian music group na Little Big, sa internet culture ito ay ginagamit bilang pagpapahayag ng kasiglahan o kasiyahan na expression ngunit walang partikular na kahulugan sa wika. Ang huling tatlong salita na “eabab”, “ekalal” at “eguls” ay nabanggit ng dalawampung (20) kalahok na may katumbas na (50%), kapansin-pansin na ang mga salitang ito ay binaliktad mula sa orihinal na salita, ang salitang “babae”, “ekalal” at “lugi”. Madalas ang ganitong estilo ng pagbabago ng salita sa bokabularyong Filipino.

Ang resulta ng pagsusuri ay nagpapakita na maraming mga bagay ang ating matututunan habang mas nagiging moderno ang ating panahon, kabilang na ang mga bagong salita na madalas nating mabasa at magamit kapag tayo ay nasa mundo ng *social media*. Makikita rin sa resulta ng pag-aaral na ito na ang mga salitang balbal sa bokabularyong Filipino ay patuloy na nadaragdagan at ginagamit lalo na ng mga kabataan, nangangahulugan lamang na ang *social media platform* ay mabilis sa paghahatid ng impormasyon at malakas ang impluwensyang dulot nito sa bawat indibidwal. Subalit, mahalaga pa ring mapanatili ang ganda at yaman ng ating Wikang Filipino.

Talahanayan Bilang 2. Paano nakatutulong ang social media sa pagpapalawak ng bokabularyo?

Ang bigat ng karampatang puntos sa kasagutan ay ang mga sumusunod na palatandaan.

| Sukatan | Saklaw | Mean Interpretation | Literal na Paglalarawan |
|---------|-------------|------------------------------|-------------------------|
| 5 | 4.21 – 5.00 | Lubos na Sumasang-ayon | Lubhang Mataas |
| 4 | 3.41 – 4.20 | Sumasang-ayon | Mataas |
| 3 | 2.61 – 3.40 | Hindi gaanong sumasang-ayon | Katamtaman |
| 2 | 1.81 – 2.60 | Hindi Sumasang-ayon | Mababa |
| 1 | 1.00 – 1.80 | Lubos na Hindi Sumasang-ayon | Lubhang mababa |

| Mga Pahayag | Weighted Mean | Mean Interpretation | Literal na Paglalarawan |
|--|---------------|-----------------------------|-------------------------|
| 1. Ginagamit ang <i>social media platform</i> sa pang-araw-araw na pagbabahagi ng karanasan at pag- <i>share</i> ng mga post. | 4.02 | Sumasang-ayon | Mataas |
| 2. Pagkakaroon ng <i>exposure</i> sa iba't ibang dialekto. | 2.58 | Hindi Sumasang-ayon | Mababa |
| 3. Nakawiwili ang mga bagong salita na ginagamit ng mga <i>Content Creator</i> at <i>Influencer</i> | 3.98 | Sumasang-ayon | Mataas |
| 4. Sa pamamagitan ng pag- <i>comment</i> , pag- <i>like</i> at pag- <i>share</i> , natututo ka ng mga bagong kahulugan at gamit ng mga salita. | 3.7 | Sumasang-ayon | Mataas |
| 5. Sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa iba't ibang tao, nagiging mas sanay ang ang tao sa paggamit ng mga bagong salita | 3.7 | Sumasang-ayon | Mataas |
| 6. Nagiging sanhi ng kalituhan sa wikang Filipino ang mga trending memes sa Social Media | 3.3 | Hindi gaanong sumasang-ayon | Katamtaman |

| | | | |
|--|-------------|-----------------------------|---------------|
| 7. Hindi mo binibigyang-pansin ang mga kamalian sa gramatika sa paggamit ng social media | 2.43 | Hindi Sumasang-ayon | Mababa |
| 8. Madalas mong gamitin ang ibang wika kaysa sa wikang Filipino pag gumagamit ka ng social media | 3.35 | Hindi gaanong sumasang-ayon | Katamtaman |
| 9. Nagiging dependent sa paggamit ng slang, abbreviation at acronym | 3.48 | Sumasang-ayon | Mataas |
| 10. Pagkakaroon ng limitadong pag-unawa sa salita sa iba't ibang sitwasyon. | 3.63 | Sumasang-ayon | Mataas |
| Average Weighted Mean | 3.42 | Sumasang-ayon | Mataas |

Ang **talahanayan bilang 2** ay ipinapakita kung paano nakatutulong ang *social media* sa pagpapalawak ng bokabularyo. Upang makuha ang resulta ng pag-aaral ang mananaliksik ay gumamit ng *weighted mean* at puna. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, lumalabas sa pahayag na “Ginagamit ang ang *social media platform* sa pang-araw-araw na pagbabahagi ng karanasan at pag-share ng mga post” ay may mean na (4.02) nangangahulugan lamang na naging bahagi na ang *social media* sa pang-araw-araw na buhay ng tao. Nakakuha naman ng mean na (2.58) ang pahayag na “Pagkakaroon ng exposure sa iba’t ibang dialekto” ibig sabihin, hindi sumasang-ayon na nagkakaroon ng exposure sa iba’t ibang wika ang paggamit ng *social media*. Ipinapakita rin ng pahayag na “Nakawiwili ang mga bagong salita na ginagamit ng mga Content Creator at Influencer” na may mean na (3.98) na nangangahulugan lamang na malaki ang impluwensya ng mga *Social Media Influencer* sa kanilang mga tagapanood at tagapakinig.

Ayon parin sa talahanayan bilang 2 sa pahayag na “Sa pamamagitan ng pag-comment, pag-like at pag-share, natututo ka ng mga bagong kahulugan at gamit ng mga salita” at “Sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa iba’t ibang tao, nagiging mas sanay ang ang tao sa paggamit ng mga bagong salita” na may parehas na mean na (3.7), ipinapakita lamang na ang mabisang paraan ng pagtuklas ng mga bagong salita ay ang pakikipag-ugnayan sa ibang tao gamit ang social media. Nakakuha naman ng mean na (3.3) ang pahayag na “Nagiging sanhi ng kalituhan sa wikang Filipino ang mga trending memes sa Social Media” ibig sabihin., hindi maipagkakaila ang positibong epekto ng social media sa pagpapalawak ng bokabularyo ngunit hindi rin maitatangi na nagdudulot din ng kalituhan sa kahulugan ng salita ang mga trending memes, lalo na kung maaari magtaglay ng ibang kahulugan ang isang salita. Ang pahayag na “Hindi mo binibigyang-pansin ang mga kamalian sa gramatika sa paggamit ng social media” ay nakakuha ng (2.43), nangangahulugan lamang na hindi sumasang-ayon sa pahayag na ito ang mga kalahok sapagkat sa panahon ngayon ay isinasaalang-alang parin ang wastong paggamit ng mga salita sa wikang Filipino.

Makikita parin sa talahanayan na ang pahayag na “Madalas mong gamitin ang ibang wika kaysa sa wikang Filipino pag gumagamit ka ng social media” ay nakakuha ng mean na (3.35), ipinapahiwatig lamang nito na hindi lamang sa wikang Filipino nakadepende ang mga kalahok. maging sa ibang dialekto rin. Ang pahayag naman na “Nagiging dependent sa paggamit ng slang, abbreviation at acronym” ay nakakuha ng mean na (3.48), pagpapahiwatig lamang na ang paggamit ng mga abbreviation at acronym ay nakatutulong din sa mabisang komunikasyon at mas napapabilis nito ang pakikipag-usap o ugnayan sa ibang tao. Sa huling pahayag na “Pagkakaroon ng limitadong pag-unawa sa salita sa iba’t ibang sitwasyon na may mean na (3.63),sumasang-ayon Nangangahulugan lamang na may mga salita pa sa bokabularyo ang kailangang matutuhan upang magamit ito sa wastong pangyayari o sitwasyon.

Sa pangkalahatan, ang resulta ng pagsusuri ay nagpapakita na ang paggamit ng sosyal midya ay nakatutulong upang mapalawak ang bokabularyo ng isang tao. Sa *average weighted mean* na (3.42) ipinakikita ang pagsang-ayon na may literal na paglalarawan na Mataas, ito ay tumutugon sa positibong papel ng sosyal midya sa bokabularyo ng tao. Ang resulta ay nagpapakita rin ng pangangailangan para sa responsableng paggamit ng sosyal midya upang mapanatili ang positibong epekto nito sa bawat indibidwal.

Ang bokabularyo ay isa sa mga hindi magkakaugnay natalento, ayon sa Paris (2005), na nangangahulugang ito ay isang kasanayan na patuloy na lumalago sa ating buhay. Binibigyang diin ng Konza (2016) ang halaga ng tiyak na pagtuturo ng bokabularyo upang matulungan ang mga mag-aaral na makakuha ng tiwala sa kahulugan ng isang salita at angkop na konteksto upang ito ay maging isang bahagi ng kanilang personal na bokabularyo.

VI. KONGKLUSYON

Batay sa nakalap na resulta at datos, ang mga mananaliksik ay ilalahad ang sumusunod na kongklusyon batay sa “Social Media: Daan o Balakid sa Pagpapalawak ng Bokabularyo”

1. Ayon sa nalikom na datos mula sa 40 na kalahok. lumalabas na ang mga kabataan ngayon ay may natutuhan ng mga salita dahil sa paggamit ng social media. Karamihan sa mga ito ay balbal na salita na kadalasang ginagamit ngayon lalo na sa *online world*. Napapanahon parin ang paggamit ng mga salitang pinaikli, binaliktad at mga ekspresyon bilang pagpapahayag ng nararamdaman.
2. Makikita rin sa datos na nakalap na ang social media ay karaniwang bahagi na ng pang-araw-araw na buhay ng tao lalo na sa pagbabahagi ng karanasan at pakikipag-ugnayan sa iba.
3. Napag-alaman din na ang mga nakikita, nababasa at napapakinggan sa mga social media platform ay nagdudulot ng malaking epekto sa pagpapalawak bokabularyo ng isang tao.
4. Ang resulta ay nagpakita rin na sa paggamit ng social media ay bibigyang pansin parin ang mga kamalian sa gramatika. Nangangahulugan na dapat pa ring isaalang-alang ang maayos na pagpapahayag.

VI REKOMENDASYON

Buong pagpapakumbaba ring iminumungkahi ng mga mananaliksik ang mga sumusunod:

1. Himukin ang mga kabataan na kasabay ng mga bagong salita na umuusbong ay ang patuloy pa rin na paggamit ng mga orihinal na salita sa Wikang Filipino.
2. Gamitin ang *social media platform* upang palaganapin at panatilihin ang paggamit ng wikang Filipino.
3. Maging responsable sa paggamit ng social media upang mapanatili ang positibong epekto nito sa buhay ng tao.
4. Maglaan ng oras sa pagbabasa ng mga artikulo o libro online upang mahasa at madagdagan ang bokabularyo sa Filipino.
5. Magkaroon ng iba pang pananaliksik tungkol sa paggamit ng Social Media bilang daan sa pagpapalawak ng bokabularyo.
6. Ang pag-aaral na ito ay maaaring maging basehan upang higit pang palawakin ang ideya ng pag-aaral.

MGA SANGGUNIAN

- [1.] Mapa at Marbella (2019), Impluwensiya ng Midya sa Pag-aaral ng Wika
- [2.] Reyes (2018), Makabagong teknolohiya sa Edukasyon, nailathala sa *depedbataan.com publication*
- [3.] Dela Cruz (2018), Wikang Filipino at Makabagong Teknolohiya: Epekto ng Social Media sa Kasanayan sa Wika ng mga Kabataan
- [4.] Cruz at Hernandez (2018), Social Media as a Tool for Vocabulary Enhancement: A Case Study of Grade 10 Students
- [5.] Liwanag (2005), Kahalagahan ng Bokabularyong Filipino, nailathala sa *depedbataan.com publication*
- [6.] Talaue, et al.,(2022), mula sa <https://www.scribd.com/document/685605035/Epekto-Ng-Paggamit-Ng-Social-Media-Sa-Akademikong-Pagganap-Ng-Mga-Mag-Aaral-Sa-Baitang-11-Ng-Mainit-National-High-School-Group-5-1>
- [7.] Brown (2021), mula sa <https://www.scribd.com/document/792229519/wikarunungan-isang-alternatibong-kagamitan-sa-pagpapayabong-ng-wikang-filipino-gamit-ang-obra-maestrang-noli-metangere>
- [8.] Espinosa (2019), hinango sa <https://www.cliffsnotes.com/study-notes/17042016>
- [9.] Ellison (2019), hinango sa <https://www.scribd.com/document/685605035/Epekto-Ng-Paggamit-Ng-Social-Media-Sa-Akademikong-Pagganap-Ng-Mga-Mag-Aaral-Sa-Baitang-11-Ng-Mainit-National-High-School-Group-5-1>
- [10.] Stockwell (2019), hinango sa <https://po.pnuereasearchportal.org/ejournal/index.php/normalights/article/view/1742/520>
- [11.] Perea (2019), mula sa <https://www.cliffsnotes.com/study-notes/17042016>
- [12.] Nodalo (2017), hinango sa https://www.researchgate.net/publication/362603043_Glosaryo_Batay_sa_Ponema_at_Morpemang_Anyo_ng_Salitang_Tadbaliks_na_nasa_Facebook
- [13.] Vasu at Senkamalam (2015), hango sa <https://www.cliffsnotes.com/study-notes/17042016>
- [14.] Harrison at Thomas (2009), mula sa <https://www.cliffsnotes.com/study-notes/17042016>
- [15.] Kamil et al. (2008), mula sa <https://www.coursehero.com/file/200410932/GAANO-KAHALAGAdocx/>
- [16.] Beck (2008) at Graves & Watts-Taffe (2008), hango mula sa <https://www.coursehero.com/file/206930734/Rationaledocx/>
- [17.] Jenkins & Dixon (1993), mula sa <https://www.scribd.com/document/652344821/PAG-AARAL-SA-BOKABULARYO-NG-MGA-MAG-AARAL>
- [18.] Bartlett (1932), hango sa <https://www.scribd.com/document/652344821/PAG-AARAL-SA-BOKABULARYO-NG-MGA-MAG-AARAL>